PROGRAMA NG MGA SERBISYO NG SUPORTA SA BAHAY (IN-HOME SUPPORTIVE SERVICES PROGRAM, IHSS) MGA SEKSYON NG BATAS NG CALIFORNIA

CALIFORNIA PENAL CODE SECTION 273a, SUBDIVISION (a)

(a) Sinumang tao na, sa ilalim ng mga pangyayari o kondisyon ay malamang na magsanhi ng malalang pinsala sa katawan o ng kamatayan, o na sadyang magdulot o ng pagpapahirap sa sinumang bata, o gumawa ng pisikal pananakit o mental na paghihirap, o kung sa pag-aalaga o pag-iingat ng sinumang mga bata, ay kusang-loob na naging sanhi ng na masaktan ang taong ito o ang kalusugan nito, o sadyang magsanhing mailagay ang bata sa isang sitwasyon kung saan ito o ang kalusugan nito ay nalagay sa panganib, ay parurusahan ng pagkabilanggo sa isang kulungan ng county nang hindi hihigit sa isang taon , o sa bilangguan ng estado nang dalawa, apat, o anim na taon.

CALIFORNIA PENAL CODE SECTION 368

(a) Napagalaman at ipinahahayag ng Lehislatura na ang mga krimen laban sa mga matanda at mga nakasalalay sa iba na mga matatanda ay karapat-dapat ng mga espesyal na pagsasaalang-alang at proteksyon, katulad ng espesyal na proteksyon na ibinibigay para sa mga menor de edad na mga bata, sapagka't ang mga matatanda at mga nakasalalay sa iba na matatanda ay maaaring nalilito, nasa iba't-ibang mga gamot, may mga pisikal o mental na kapansanan, o walang kakayahan, at samakatuwid ay mas hindi magagawang maprotektahan ang kanilang mga sarili, upang maunawaan o iulat ang mga kriminal na pagkilos, o upang tumestigo sa paglilitis sa hukuman para sa kanilang sariling kapakanan.

(b) (1) Sinumang tao na nakakaalam o makatwirang dapat malaman na ang isang tao ay isang matanda o isang nakasalalay sa iba na adulto, na sa ilalim ng mga pangyayari o mga kondisyon ay malamang na magsanhi ng malalang pinsala sa katawan o ng kamatayan, o na sadyang panhintulutan ang sinumang matanda o ang isang nakasalalay sa iba na adulto na magdusa, o magsanhi ng pisikal o mental na paghihirap, o kung sa pag-aalaga o pag-iingat sa sinumang matanda o nakasalalay sa iba na adulto, ay sadyang magsanhi o pahintulutan ang taong ito o ang kalusugan niya na malagay sa panganib, ay pinarurusahan ng pagkabilanggo sa isang kulungan ng county nang hindi hihigit sa isang taon, o ng isang multa na hindi hihigit sa anim na libong dolyar ($6,000), o ng parehong multa at pagkabilanggo, o ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado nang dalawa, tatlo, o apat na taon.

(2) Kung sa paggawa ng isang pagkakasala na inilarawan sa talataan (1), ang biktima ay nagkaroon ng malalang pinsala sa katawan, gaya ng sinabi sa Seksyon 12022.7, ang nasasakdal ay tatanggap ng karagdagang panahon sa bilangguan ng estado ayon sa mga sumusunod:

(A) Tatlong taon kung ang biktima ay nasa ilalim ng 70 taong gulang.

(B) Limang taon kung ang biktima ay 70 taong gulang o mas matanda pa.

(3) Kung sa paggawa ng isang pagkakasala na inilarawan sa talataan (1), ang nasasakdal ay nagsanhi ng pagkamatay ng biktima, ang nasasakdal ay tatanggap ng karagdagang panahon sa bilangguan ng estado ayon sa mga sumusunod:

(A) Limang taon kung ang biktima ay nasa ilalim ng 70 taong gulang.

(B) Pitong taon kung ang biktima ay 70 taong gulang o mas matanda pa.

(c) Sinumang tao na nakakaalam o makatwirang dapat malaman na ang isang tao ay isang matanda o isang nakasalalay sa iba na adulto, na sa ilalim ng mga pangyayari o mga kondisyon maliban doon sa mga malamang na magsanhi ng malalang pinsala sa katawan o ng kamatayan, o na sadyang panhintulutan ang sinumang matanda o ang isang nakasalalay sa iba na adulto na magdusa, o magsanhi ng pisikal o mental na paghihirap, o kung sa pag-aalaga o pag-iingat sa sinumang matanda o nakasalalay sa iba na adulto, ay sadyang magsanhi o pahintulutan ang taong ito o ang kalusugan niya na malagay sa panganib, ay may kasalanang misdemeanor or maliit na krimen. Ang ikalawa o kasunod na paglabag ng subdibisyong ito ay maaaring parusahan ng isang multa na hindi hihigit sa dalawang libong dolyar ($2,000), o ng pagkabilanggo sa isang kulungan ng county nang hindi hihigit sa isang taon, o ng parehong multa at pagkabilanggo.

(d) Ang sinumang tao na ay hindi isang tagapagalaga na lumalabag sa anumang probisyon ng batas na nagbabawal ng pagnanakaw, paglustay, palsipikasyon, o pandaraya, o na lumabag sa Seksiyon 530.5

na nagbabawal ng pagnanakaw ng identidad, na may kaugnayan sa ari-arian o mga personal na impormasyon ng identidad ng isang matanda o isang adultong nakasalalay sa iba, at na may alam o makatwirang dapat malaman na ang biktima ay isang matanda o isang adultong umaasa sa iba, ay

PROGRAMA NG MGA SERBISYO NG SUPORTA SA BAHAY (IN-HOME SUPPORTIVE SERVICES PROGRAM, IHSS) MGA SEKSYON NG BATAS NG CALIFORNIA

pinarurusahan ng pagkabilanggo sa isang kulungan ng county nang hindi hihigit sa isang taon, o sa bilangguan ng estado ng dalawa, tatlo, o apat na taon, kapag ang salapi, paggawa, mga prdukto, mga serbisyo, o ang tunay o personal na ari-arian na kinuha ay nagkakahalaga ng lampas sa apat na daang dolyar ($400); at ng isang multa na hindi hihigit sa isang libong dolyar ($1,000), ng pagkabilanggo sa isang kulungan ng county nang hindi hihigit sa isang taon, o ng pareho ng multa at pagkabilanggo, kapag ang mga salapi, paggawa, mga produkto, mga serbisyo, o tunay o personal na ari-arian na kinuha o nakuha ay may halagang hindi hihigit sa apat na daang dolyar ($400).

(e) Sinumang tagapagalaga ng matanda o ng adultong nakasalalay sa iba na lumalabag sa anumang probisyon ng batas na nagbabawal ng pagnanakaw, paglustay, palsipikasyon, o pandaraya, o na lumabag sa Seksiyon 530.5 na nagbabawal ng pagnanakaw ng identidad, na may kaugnayan sa ari-arian o mga personal na impormasyon ng identidad ng matanda o isang adultong nakasalalay na iyon, ay pinarurusahan ng pagkabilanggo sa isang kulungan ng county nang hindi hihigit sa isang taon, o sa bilangguan ng estado ng dalawa, tatlo, o apat na taon, kapag ang salapi, paggawa, mga prdukto, mga serbisyo, o ang tunay o personal na ari-arian na kinuha ay nagkakahalaga ng lampas sa apat na daang dolyar ($400); at ng isang multa na hindi hihigit sa isang libong dolyar ($1,000), ng pagkabilanggo sa isang kulungan ng county nang hindi hihigit sa isang taon, o ng pareho ng multa at pagkabilanggo, kapag ang mga salapi, paggawa, mga produkto, mga serbisyo, o tunay o personal na ari-arian na kinuha o nakuha ay may halagang hindi hihigit sa apat na daang dolyar ($400).

(f) Ang sinumang tao na gumawa ng maling pagkabilanggo ng isang matanda o isang adultong nakasalalay sa iba sa pamamagitan ng paggamit ng karahasan, pagbabanta, pandaraya, o panlilinlang ay maparurusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado nang dalawa, tatlo, o apat na taon.

(g) Gaya ng pagkakagamit sa seksyong ito, ang "matanda" ay nangangahulugang sinumang tao na 65 taong gulang o mas matanda.

(h) Tulad ng pagkakagamit sa seksyong ito, ang "adultong nakasalalay sa iba" ay nangangahulugang sinumang tao na nasa pagitan ng edad na 18 at 64, na may pisikal o mental na limitasyon na nililimitahan ang kanyang kakayahan upang isagawa ang mga normal na gawain o upang protektahan ang kanyang mga karapatan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga taong may pisikal o mental na kapansanan o isang tao na ang pisikal o mental na kakayahan ay nabawasan dahil sa edad. Kabilang sa "adultong nakasalalay sa iba" ang sinumang taong nasa pagitan ng edad na 18 at 64 na natanggap bilang isang pasyente sa isang 24-oras na pasilidad sa kalusugan, gaya ng pinaliwanag sa Seksyon 1250, 1250.2, at 1250.3 ng Health and Safety Code.

(i) Tulad ng pagkakagamit sa seksyong ito, ang "tagapag-alaga o caretaker" ay nangangahulugang sinumang tao na nag-aalaga, nag-iingat, sumusubaybay, o na nasa posisyong pagkatiwalaaan, ng isang matanda o isang adultong nakasalalay sa iba.

(j) Wala sa seksiyong ito ang dapat humadlang sa pag-uusig sa ilalim ng parehong seksyon na ito at ng Seksyon 187 o 12022.7 o anumang ibang probisyon ng batas. Gayunman, ang isang tao ay hindi dapat tumanggap ng dagdag na panahon ng pagkabilanggo sa ilalim ng mga talatang (2) at (3) ng subdibisyon (b) para sa anumang solong pagkakasala, at hindi na magkakaroon ng isang tao makakatanggap ng isang karagdagang panahon ng pagkabilanggo sa ilalim ng parehong Seksyon 12022.7 at talatang (2) o (3) ng subdibisyon (b) para sa anumang solong pagkakasala.

(k) Sa anumang kaso kung saan ang isang tao ay nahatulan ng paglabag sa mga probisyong ito, ang hukuman ay maaaring atasan siya na tumanggap ng nararapat na pagpapayo bilang isang kondisyon ng probasyon. Sinumang nasasakdal na inutusang ilagay sa isang counseling program ay pananagutin sa pagbabayad ng gastos ng kanyang pagsali sa counseling program gaya ng ipinasiya ng hukuman. Ang hukuman ay dapat isaalang-alang ang kakayahan ng nasasakdal na magbayad, at walang nasasakdal na dapat pagkaitan ng probasyon dahil sa kanyang kawalan ng kakayahang magbayad.

CALIFORNIA PENAL CODE SECTION 290, SUBDIVISION (c)

(C) Ang mga sumusunod na tao ay dapat atasan na magparehistro:

Sinumang tao na, mula noong Hulyo 1, 1944, ay naging o ay mula noon nahatulan sa anumang hukuman sa estadong ito o sa anumang pederal o militar na hukuman ng isang paglabag sa Section 187, tumuon sa pagsasagawa, o isang pagtatangka upang isakatuparan, panggagahasa o ano mang gawaing maaaring parusahan sa ilalim ng Seksyon 286, 288, 288a, o 289, Seksyon 207 o 209 na tumuong may layunin na lumalabag sa Seksyon

PROGRAMA NG MGA SERBISYO NG SUPORTA SA BAHAY
(IN-HOME SUPPORTIVE SERVICES PROGRAM, IHSS)
MGA SEKSYON NG BATAS NG CALIFORNIA

261, 286, 288, 288a, o 289, Seksyon 220, maliban sa pagatake para manggulo, Seksyon 243.4,
talataan (1), (2), (3), (4), o (6) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 261, talataan (1) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 262 na kinasasangkutan ng paggamit ng puwersa o karahasan kung saan ang tao hinatulalng makulong sa bilangguan ng estado, Seksyon 264.1, 266, o 266c, subdibisyon (b) ng Seksiyon 266h, subdibisyon (b) ng Seksiyon 266i, Seksyon 266j, 267, 269, 285, 286, 288, 288a, 288.3, 288.4, 288.5, 288.7, 289, or 311.1, subdibisyon (b), (c), o (d) ng Seksiyon 311.2, Section 311.3, 311.4,
311.10, 311.11, o 647.6, dating Seksyon 647a, subdibisyon (c) ng Seksiyon 653f, subdibisyon 1 o 2 ng Seksyon 314, anumang pagkakasala na kinasasangkutan ng mahalay o malaswang pagkilos sa ilalim ng Seksyon 272, o anumang felony o malalang krimen na paglabag sa Seksyon 288.2; anumang batas na hinalinhan na kasama ang lahat ng mga elemento ng isa sa mga pagkakasalang nabanggit; o sinumang tao na mula noong petsang iyon ay hinatulan ng pagtatangka o pagkikisabwatan upang gumawa ng alinman sa mga nabanggit na pagkakasala.

CALIFORNIA PENAL CODE SECTION 667.5, SUBDIVISION (c)

(c) Para sa layunin ng seksyong ito, ang "marahas na felony o malalang krimen" ay nangangahulugang ang alinman sa mga sumusunod:

(1) Pagpatay nang may intensyon (murder) o boluntaryong pagpaslang.

(2) Pagdulot ng malalang kaguluhan (mayhem).

(3) Panggagahasa ng tulad ng nakasaad sa talataan (2) o (6) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 261 o talataan (1) o (4) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 262.

(4) Sodomia na tulad ng nakasaad sa subdibisyon (c) o (d) ng Seksyon 286.

(5) Kopulasyon sa bibig na tulad ng nakasaad sa subdibisyon (c) o (d) ng Seksyon 288a.

(6) Mga mahalay na aksyon tulad ng nakasaad sa subdibisyon (a) o (b) ng Seksyon 288.

(7) Anumang malalalang krimen o felony na naparurusahan ng kamatayan o pagkabilanggo sa bilangguan ng estado nang habangbuhay.

(8) Anumang malalalang krimen o felony kung saan ang nasasakday ay nagsanhi ng malaking pinsala sa katawan sa sinumang tao maliban sa kasabwat na sinampahan ng kaso at napatunayan tulad ng nakasaad sa sa Seksyon 12022.7, 12022.8, o 12022.9 o pagkatapos ng Hulyo 1, 1977, o tulad ng tinukoy bago ang Hulyo 1, 1977, sa mga Seksyon 213, 264, at 461, o anumang malalalang krimen o felony kung saan ang nasasakdal ay gumagamit ng isang armas na ginamit na sinampahan ng kaso at napatunayan tulad ng nakasaad sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 12022.3, o Seksyon 12022.5 o 12022.55.

(9) Anumang pagnanakaw.

(10) Pagsusunog, na paglabag sa subdibisyon (a) o (b) ng Seksyon 451.

(11) Sekswal na penetrasyon tulad ng nakasaad sa subdibisyon (a) o (b) ng Seksyon 289.

(12) Tangkang pagpatay na may intensyong pumatay.

(13) Paglabag sa Seksyon 12308, 12309, o 12310.

(14) Pandudukot.

(15) Pisikal na pagatake o assault na may layuning gumawa ng isang tinukoy na malalang krimen o felony, na paglabag sa Seksyon 220.

(16) Patuloy na sekswal na pang-aabuso ng isang bata, na paglabag sa Seksyon 288.5.

(17) Pagnanakaw na kotse tulad ng nakasaad sa subdibisyon (a) ng Seksyon 215.

(18) Panggagahasa, panggagahasa ng asawa, o sekswal na penetrasyon, magkakasabay man, na paglabag sa Seksyon 264.1.

(19) Pangingikil, tulad ng nakasaad sa Seksyon 518, na magiging isang malalang krimen o felony na paglabag sa Seksiyon 186.22 ng Penal Code.

(20) Pagbabanta sa mga biktima o mga testigo, tulad ng nakasaad sa Seksyon 136.1, na magiging isang malalang krimen o felony na paglabag sa Seksiyon 186.22 ng Penal Code.

(21) Anumang pagnanakaw sa unang degree, tulad ng nakasaad sa subdibisyon (a) ng Seksyon 460, kung saan ito ay kinasuhan at napatunayan na ang ibang tao, maliban sa kasabwat, ay naroroon sa tirahan sa panahon ng pagnanakaw.

(22) Anumang paglabag sa Seksyon 12022.53.

PROGRAMA NG MGA SERBISYO NG SUPORTA SA BAHAY
(IN-HOME SUPPORTIVE SERVICES PROGRAM, IHSS)
MGA SEKSYON NG BATAS NG CALIFORNIA

(23) Paglabag sa subdibisyon (a) o (b) ng Seksyon 11418. Ang Lehislatura ay napag-alaman at ipinahahayag na ang mga tinukoy na krimeng ito ay nararapat ng espesyal na pagsasaalang-alang kapag nagpapataw ng isang hatol upang ipakita ang pagkondena ng lipunan sa mga malala at hindi pangkaraniwang mga krimeng marahas laban sa mga tao.

CALIFORNIA PENAL CODE SECTION 1192.7, SUBDIVISION (c)

(c) Gaya ng pagkakagamit sa seksyong ito, ang "seryosong felony o malalang krimen" ay nangangahulugang alinman sa mga sumusunod:

(1) Pagpatay nang may intensyon o boluntaryong pagpaslang; (2) pagsanhi ng malalalang gulo; (3) panggagahasa; (4) sodomya sa pamamagitan ng pagpuwersa, karahasan, panggigipit, panggugulo, banta ng malaking pinsala sa katawan, o pagbabanta ng kaagad at labag sa batas na pinsala sa katawan ng biktima o ibang tao; (5) oral na kopulasyon sa pamamagitan ng pagpuwersa, karahasan, panggigipit, panggugulo, banta ng malaking pinsala sa katawan, o pagbabanta ng kaagad at labag sa batas na pinsala sa katawan ng biktima o ibang tao; (6) malaswang aksyon sa isang batang wala pang 14 taong gulang; (7) anumang felony o malalang krimen na maparurusahan ng kamatayan o pagkabilanggo sa bilangguan ng habang buhay; (8) anumang felony kung saan ang akusado ay personal na nagsanhi ng malaking pinsala sa katawan ng sinumang tao, maliban sa kasabwat, o anumang feolny kung saan ang akusado ay personal na gumamit ng isang armas; (9) tangkang pagpatay; (10) atake na may hangaring gumawa ng panggagahasa o pagnanakaw;
(11) pisikal na atake na may nakamamatay na armas o instrumento sa isang opisyal na pangkapayapaan; (12) pisikal na atake ng isang naka bilanggong pang habang buhay sa isang hindi naka bilanggo;
(13) pisikal na atake na may isang nakamamatay na armas ng isang bilanggo; (14) pagsusunog; (15) pagpapasabog ng isang mapanirang aparato o anumang bomba na may layuning manakit (16) pagpapasabog ng isang mapanirang aparato o anumang bomba na naging sanhi ng pinsala sa katawan, malalang pinsala sa katawan, o kaguluhan; (17) pagpapasabog ng isang mapanirang aparato o anumang bomba na may layuning pumatay; (18) anumang pagnanakaw ng unang degree; (19) pagnanakaw o pagnanakaw sa bangko; (20) pandudukot ng tao; (21) panghohostage na isang tao mula sa isang nakakulong sa isang bilangguan ng estado; (22) pagtatangkang gumawa ng isang felony o malalang krimen na pinarurusahan ng kamatayan o pagkabilanggo sa bilangguan ng estado habang buhay; (23) anumang felony o malalang kasalanan kung saan ang akusado ay personal na gumamit ng isang mapanganib o nakamamatay na armas; (24) pagbebenta, pagbibigay, pangangasiwa sa paggamit, pag-aalok sa isang menor de edad na bata ng anumang heroin, cocaine, phencyclidine (PCP), o anumang may kaugnayan sa methamphetamine na droga, tulad ng inilarawan sa talataan (2) ng subdibisyon (d) ng Seksyon 11055 ng Health and Safety Code o anumang pinanggalingan ng methamphetamines, tulad ng pinaliwanag sa sub na talata (A) ng talata (1) ng subdibisyon (f) ng Seksyon 11055 o ng subdibisyon (a) ng Seksyon 11100 ng Health and Safety Code; (25) anumang paglabag sa subdibisyon (a) ng Seksyon 289 kung saan ang mga ginawa ay aban sa kagustuhan ng biktima na pinilit sa pamamagitan ng pamumwersa, karahasan, panggigipit, panggugulo, o pananakot o pagbabanta ng kaagad at labag sa batas na pinsala sa katawan ng biktima o ibang tao; (26) malalang pagnanakaw na kinasasangkutan ng isang armas; (27) pagnanakaw ng kotse; (28) anumang felony o malalalng krimen, na magiging isang felony na paglabag din sa Seksiyon 186.22; (29) pisikal na pagatake na may mga hangaring manakit, manggahasa, gumawa ng sodomya, o oral na kopulasyon, na paglabag sa Seksyon 220; (30) paghahagis ng asido o mga nasusunog na bagay, na paglabag sa Seksyon 244;
(31) pisikal na atake na may isang nakamamatay na armas, machinegun, assault weapon, o semiautomatic weapon o pisikal na pag-atake sa isang opisyal na pangkapayapaan o bombero, na paglabag sa Seksyon 245; (32) pag-atake na may isang nakamamatay na armas laban sa isang empleyado ng pampublikong sasakyan, custodial officer, o empleyado ng paaralan, na paglabag sa Seksyon 245.2, 245.3, o 245.5; (33) pagpapaputok ng isang armas sa isang tirahan, sasakyan, o sasakyang panghimpapawid, na paglabag sa Seksyon 246; (34) panggagahasa o sekswal na penetrasyon na kasama ng ibang tao, na paglabag sa Seksyon 264.1; (35) patuloy na pang-aabusong sekswal ng isang bata, na paglabag sa Seksyon 288.5; (36) pagbaril mula sa isang sasakyan, na paglabag sa subdibisyon (c) o (d) ng Seksyon 12034; (37) Mga pananakot sa mga biktima o mga saksi, na paglabag sa Seksyon 136.1; (38) Mga kriminal na pagbabanta, na paglabag sa Seksyon 422; (39) Anumang mga pagtatangkang gumawa ng krimen na nakalista sa subdibisyong ito na iba sa isang pag-atake; (40) anumang paglabag sa Seksyon 12022.53; (41) isang paglabag sa subdibisyon (b) o (c) ng Seksyon 11418; at (42) anumang pagsasabwatan upang gumawa ng isang pagkakasala na inilarawan sa subdibisyong ito.

PROGRAMA NG MGA SERBISYO NG SUPORTA SA BAHAY (IN-HOME SUPPORTIVE SERVICES PROGRAM, IHSS) MGA SEKSYON NG BATAS NG CALIFORNIA

CALIFORNIA WELFARE AND INSTITUTIONS CODE SECTION 10980, PARAGRAPH (2) OF SUBDIVISIONS (c) AND (g)

(C) Sa tuwing ang sinumang tao, na kusang-loob at nagsasadya, na may layuning mandaya, sa pamamagitan ng maling pahayag o pagkatawan, o sa pamamagitan ng hindi pagbunyag ng isang materyal na katotohanan, o sa pamamagitan ng pagpapanggap o iba pang mapanlinlang na pagkilos, ay nakakuha o nakapanatili ng tulong sa ilalim ng mga probisyon ng dibisyong ito para sa kanyang sarili o para sa isang bata na hindi sa katunayan ay hindi karapat-dapat dito, ang taong ito parurusahan ayon sa mga sumusunod:

(2) Kung ang kabuuang halaga ng tulong na nakuha o pinanatili ay higit sa siyam na daan limampung dolyar ($950), sa pamamagitan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado nang 16 buwan, dalawang taon, o tatlong taon, sa pamamagitan ng isang multa na hindi hihigit sa limang libong dolyar ($5,000), o ng parehong pagkabilanggo at multa; o sa pamamagitan ng pagkabilanggo sa kulungan ng county nang hindi hihigit sa isang taon, ng isang multa na hindi hihigit sa isang libong dolyar ($1,000), o sa pamamagitan ng parehong pagkabilanggo at multa.

(G) Ang sinumang tao na sadyang gumagamit, naglilipat, nagbebenta, bumibili, o nagmamay-ari ng food stamps, sa mga benepisyong elektronikong inilipat, o ng mga pahintulot na sumali sa pederal na Supplemental Nutrition Assistance Program sa anumang paraang hindi pinahintulutan ng Chapter 10 (nagsisimula sa Seksiyon 18900), ng Part 6, o sa pamamagitan ng pederal na Food Stamp Act of 1977 (Public Law 95-113 at lahat ng mga susog nito) o ng Food and Nutrition Act of 2008 (7 USC Sec. 2011 et seq.)

(2) ay nagkasala ng isang felony o malalang krimen kung ang kabuuang halaga ng food stamps na nakuha o ang mga pagpapahintulot ay higit sa siyam na daan limampung dolyar ($950), at parurusahan sa pamamagitan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado nang 16 buwan, dalawang taon, o tatlong taon, sa pamamagitan ng isang multa na hindi hihigit sa limang libong dolyar ($5,000), o ng parehong pagkabilanggo at multa; o sa pamamagitan ng pagkabilanggo sa kulungan ng county nang hindi hihigit sa isang taon, ng isang multa na hindi hihigit sa isang libong dolyar ($1,000), o sa pamamagitan ng parehong pagkabilanggo at multa.